# LOWY INSTITUTE SOUTHEAST ASIA AID MAP

LOWY INSTITUTE IPDC Indo-Pacific Development Centre




Ang Southeast Asia Aid Map ay isang komprehensibong database na sumusubaybay sa official development finance (ODF) sa buong Southeast Asia. Inilunsad ng Lowy Institute noong 2023 at ina-update taon-taon, ang proyekto ay sinusuportahan ng Australian Department of Foreign Affairs and Trade. Sa pamamagitan ng pagpapalakas ng transparency ng ODF flows, nilalayon ng Lowy Institute na pahusayin ang koordinasyon, accountability at pagpapasya, at dagdagan ang talakayan sa polisiya patungkol sa development assistance, pagpapaunlad, at kompetisyong geoeconomic sa rehiyon.

Saklaw ng ikatlong edisyon ng Southeast Asia Aid Map na ito ang panahon mula 2015 hanggang 2023. Kasama rito ang data sa higit sa 130,000 na mga proyektong isinagawa ng 109 na development partners, at may kabuuang halaga na $290 bilyon. Saklaw din nito ang lahat ng 11 bansa sa Southeast Asia: Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, Timor-Leste, at Vietnam. Pinagsasama-sama ng mapa ang milyun-milyong data points mula sa mga opisyal na ulat at databases. Kabilang din dito ang impormasyon mula sa libu-libong public documents tulad ng mga taunang ulat, financial statements, budget documents, balita, at social media. Ang nabuong Southeast Asia Aid Map ay ang pinakakomprehensibong ulat na nagawa ukol sa mga proyekto para sa pagunlad ng Southeast Asia.

Kabilang sa 2025 Key Findings Report na ito ang pagsusuri sa ebolusyon ng development finance landscape at isang serye ng mga profile sa bawat isa sa 11 na bansa sa Southeast Asia na saklaw ng database.

## Mga pangunahing natuklasan sa 2025

- Bahagyang tumaas noong 2023 ang tulong ng ibang bansa para sa pagunlad ng rehiyon ngunit nanatiling mas mababa sa antas bago ang Covid.
- Maaaring magdulot ng pagbaba ng official development finance sa rehiyon nang higit sa $2 bilyon sa mga darating na taon ang pagbawas sa tulong mula US, EU, at UK.
- Ang pagbawas sa tulong mula sa mga Kanluraning bansa at tumataas na tensyon sa kalakalan ay maaring makabawas sa mga opsyon sa pag-unlad ng Southeast Asia at magbigay daan sa sapilitang pakikipagkompromiso sa China.
- Ang pagbawas ng tulong mula sa mga Kanluraning bansa ay magdudulot nang higit na paglawak ng agwat sa pagitan ng mauunlad at mahihirap na bansa sa rehiyon, at lalong hindi matutugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga maralita.
- Naging napakabagal nang pag-unlad ng imprastraktura sa Southeast Asia.
- Mapanganib ang kakulangan sa pondo para sa transisyon ng enerhiya ng rehiyon, na may pandaigdigang implikasyon.
- Maaaring mahirapan ang pagsulong ng climate at social inklusyon.

Para makita ang higit pa at ganap na magamit ang mga inter-aktibong tampok ng Southeast Asia Aid Map, pumunta sa seamap.lowyinstitute.org

# PILIPINAS

| | |
|---|---|
| **$49 bilyon** | **NAGASTOS** |
| **$99 bilyon** | **IPINANGAKO** |
| **17,587** | **MGA PROYEKTO** |
| **77** | **MGA DEVELOPMENT PARTNER** |

Ang Pilipinas ay isang lower-middle na ekonomiya ayon sa World Bank. Noong 2023, nakatanggap ito ng $7.2 bilyon na official development finance.

Ang Asian Development Bank (ADB) ang pangunahing development partner ng Pilipinas na bumubuo sa isang-katlo ng ODF nito simula pa 2015. Ang World Bank ang bumubuo sa 25% at ang Japan sa 18%.


Noong 2020, mabilis na pinalawak ng ADB ang operasyon nito sa Pilipinas bilang tugon sa pandemya. Naging $5.2 bilyon ang tulong noong 2020 (48% ng kabuuang ODF ng Pilipinas sa taong iyon) mula sa $1.1 bilyon noong 2019. Mula noon, nanatili itong mataas, at higit sa $2 bilyon taun-taon.

Ang mga nangungunang sektor sa Pilipinas sa paggasta ng ODF ay ang pamahalaan at ang civil society, na bumubuo ng 27% ng kabuuang ODF ng Pilipinas sa taong 2015 hanggang 2023. Ito ay higit sa average ng rehiyon na 17%. Nahigitan din ng Pilipinas ang mga karatig bansa nito pagdating sa paggamit ng ODF sa humanitarian, kalusugan pangkalahatang proteksyon sa kalikasan, edukasyon, komunikasyon, banking at serbisyong pinansyal, at agrikultura, forestry at pangingisda. Ang paggasta ng ODF para sa enerhiya sa Pilipinas ay nasa 1% lamang, malayo kumpara sa 17% na average sa rehiyon.


Noong taong 2015 hanggang 2023, nakatanggap ang Pilipinas ng mas mataas na policy goal-integrated na ODF, bilang bahagi ng kabuuang ODF, sa lahat ng policy domains: 43% kumpara sa 25% para sa gender equality, 19% kumpara sa 9% para sa inklusyon ng mga may kapansanan, at 39% kumpara sa 31% para sa climate action.

Ang Pilipinas ay isang maliit na tagapagbigay ng tulong para sa pag-unlad ng mga karatig-bansa nito, na 0.3% lamang ng kabuuang intra-regional ODF mula 2015 hanggang 2023.

**Official development finance sa Pilipinas, ayon sa uri ng transaksyon**
Constant 2023 US$




**Official development finance sa Pilipinas, ayon sa partner**
% ng kabuuang nagastos na ODF, constant 2023 US$




**Official development finance sa Pilipinas, ayon sa layunin ng polisiya**
% ng kabuuang nagastos na ODF, constant 2023 US$

